

Iniinom na Anticoagulants at Antiplatelet na Gamot

Paunang Salita

Ang pamumuo ng dugo, o coagulation, ay mahalagang proseso upang maiwasan ang sobrang pagdurugo kapag ang daluyan ng dugo ay napinsala. Ang platelets at protina (mga dahilan ng pamumuo) sa inyong plasma na parehong gumagana upang pigilan ang pagdurugo sa pamamagitan ng pagbuo ng pamumuo sa sugat. Minsan, ang nabuong pamumuo sa loob ng mga vessels ng walang nakikitang pinsala o hindi natutunaw ng natural. Ang mga ganitong sitwasyon ay maaaring maging mapanganib at mangangailangan ng tamang diagnosis at lunas kasama ang paggamit ng pampalabnaw ng dugo.

Kung mayroon kayong ibang uri ng sakit sa puso o sa daluyan ng dugo, o kung mayroong mahinang pagdaloy ng dugo sa inyong utak, maaaring imungkahi ng doktor ang pag-inom ng pampalabnaw ng dugo. Ang pampalabnaw ng dugo ay nakakabawas ng peligro ng atake sa puso at stroke sa pamamagitan ng pagbabawas ng pagkakabuo ng dugo sa inyong malalaki at maliliit na ugat. Maaari rin kayong uminom ng pampalabnaw ng dugo kung mayroong hindi normal na ritmo ang puso na tinatawag na fibrillation, sakit sa mga balbula ng puso, o mga depekto sa puso na mula pa sa pagkabata.

Paggagamot ng may Pampalabnaw ng dugo

Mayroong dalawang klase ng pampalabnaw ng dugo- anticoagulants at antiplatelet na gamot. Ang anticoagulant ay nagtatrabaho sa pamamagitan ng pakikialam sa protina ng dugo upang mapahaba ang oras bago makabuo ng pamumuo ng dugo. Iniiwisan ng antiplatelet na gamot ang cells ng dugo na ang tawag ay mga platelet na magsasamasama upang mamuo ang dugo. Ang parehong uri ng gamot ay epektibo upang maiwasan ang pagtigil ng pamumuo ng dugo o ang pagpigil ng pamumuo nito.

Lahat ng rehistradong anticoagulants sa Hong Kong ay mga gamot na inirereseta lamang at dapat gamitin ng mahigpit sa ilalim ng tagubilin at rekomendasyon ng doktor. Ang iba ay magagamit sa porma ng oral na dosis tulad ng tabletas at kapsula, habang ang iba naman ay magagamit sa pormang isinasaksak. Mayroong apat na iniinom na

anticoagulants na magagamit sa Hong Kong, kasama ang tradisyunal na drug warfarin, at ang mga bagong gamot na dabigatran etexilate, apixaban, at rivaroxaban.

Ang anticoagulants ay kinokonsiderang mas agresibong gamot kaysa antiplatelet na gamot. Sila ay inirerekomenda sa mga taong may mataas na peligro ng stroke at taong may atrial fibrillation (isang kondisyon ng puso na dahilan ng hindi regular na bilis ng puso). Sa ibang tao na may dugong madali mamuo, tulad ng pagkakaroon ng mga malalim na vein thrombosis (pamumuo ng dugo sa malalim na ugat ng hita) o pulmonary embolism (pamumuo ng dugo sa baga), maaari ring makakuha ng benepisyo mula sa paglunas ng anticoagulant.

Lahat ng rehistradong gamot na anti platelet sa Hong Kong ay gamot na inirereseta lamang maliban sa aspirin. Ang iba ay magagamit sa porma ng oral na dosis tulad ng tabletas at kapsula, habang ang iba ay magagamit lamang sa pormang isinasaksak. Ang mababang dosis ng aspirin ang pinaka karaniwang ginagamit na antiplatelet na gamot. Kasama sa mga halimbawa ng iniinom na antiplatelet na gamot ang clopidogrel, ticlopidine, dipyridamole, prasugrel, at ticagrelor.

Ang mababang dosis ng aspirin ay lubos na inirerekomenda sa pag-iwas sa unang stroke, pero ito at ang ibang anti-platelet na gamot ay mayroon ding importanteng papel sa pag iwas upang hindi maulit ang stroke. Ang antiplatelet na gamot ay maaari ring ibigay kung mayroong malalang coronary syndrome (atake sa puso o hindi matatag na angina) o ang coronary stent.

Pag uuri ng mga Gamot Pampalabnaw

Ang anticoagulant at antiplatelet na gamot ay maaaring uriin ayon sa kanilang aksyon ng mekanismo.

Anticoagulants

Ang anticoagulants ay humahalo sa ibat ibang kadahilanan ng namuong dugo sa proseso ng coagulation upang mapabagala ng proseso. Ang oral na anticoagulants ay maaaring uriin bilang mga sumusunod:

1. alaban ng Bitamina K: Pinipigil ang pagpapagana ng nakadependeng Bitamina K na dahilan ng pamumuo. Ang antas ng depresyon sa dahilan ng pamumuo ng dugo ay

nakadepende sa dosis. Ang nag iisang kalaban ng Bitamina K na magagamit sa Hong Kong ay ang warfarin.

2. Direktang thrombin inhibitors (DTIs): Nakabigkis sa thrombin na siyang sentral na nakaka-pekto ng pamumuo ng dugo upang hind imaging aktibo ang thrombin. Kasama sa halimbawa ang dabigatran etexilate.
3. Direct factor Xa inhibitors: Binibigkis ang pamumuo ng factor Xa upang harangan ang aktibidad nito. Kasama sa halimbawa nito ang apixaban at rivaroxaban.

Ang antiplatelet na gamot

Ang antiplatelet na gamot ay inilalarawan ang mga kumakatawan kung saan bumababa ang pagsasama-sama ng mga platelet at pinipigilan ang pagbuo ng thrombus (pamumuo). Kabilang sa proseso ng pagpapagana ng platelet ang produksyon ng ilang mga kalaban ng pagbuhay ng mga platelet kasama ang thrombin, thromboxane A2 (TXA2) at adenosine diphosphate (ADP) kung saan ay pinapalakas ang tugon ng platelet at pasiglahin ang pagsasama sama ng platelet. Ang oral na antiplatelet na gamot ay maaaring uriin sa mga sumusunod:

1. COX-1 inhibitor: Matapang na antiplatelet kung saan pinipigilan ang platelet cyclooxygenase (COX), ang pangunahing enzyme sa paglikha ng TXA2 na siyang responsable sa pagkilos at pagsasamasama ng platelet. Ang pangunahing miyembro ng klaseng ito ay ang aspirin.
2. P2Y12 receptor antagonists
 - a) Thienopyridine: kumikilos sa pamamagitan ng pagpigil sa ADP-dependent pathway ng paggana ng platelet. Kasama sa halimbawa ang ticlopidine, clopidogrel at prasugrel.
 - b) Adenosine triphosphate analogue: Binabaligtad ang pakikipagtulungan sa P2Y12 receptor upang pigilan ito na maiwasan ang ADP-induced na pagsasama samang platelet. Kasama sa halimbawa ang ticagrelor.
3. Phosphodiesterase Inhibitors: pinipigil ang adenosine uptake at aktibidad ng cyclic guanosine monophosphate (cGMP) phosphodiesterase, kaya bumababa ang pagsasamasama ng platelet. Sa Phosphodiesterase inhibitor pa lamang ay mayroon nang maliit na epekto, at sa kasalukuyan ay ginagamit ito na may kombinasyon sa ibang gamot. Kasama sa halimbawa ang dipyridamole.

Karaniwang Epekto at Pagiingat

Klase ng Gamot	Karaniwang Epekto	Pag-iingat
Anticoagulants		
1. Kalaban ng Bitamina K	<ul style="list-style-type: none"> • pagdurugo • pagduduwal at pagsusuka • pagtatae • jaundice • hindi paggana ng atay • pancreatitis • pyrexia • malubhang paglalagas ng buhok • pantal 	<ul style="list-style-type: none"> • Gamitin ng may pag-iingat sa mga banayad at katamtamang kapansanan sa bato. Bantayan ang international normal ratio (INR) ng madalas sa malalang kapansanan. • Hindi inirerekomenda para sa mga pasyenteng may malalang kapansanan sa atay, o nasa unang tatlong buwan ng pagbubuntis. • Regular na pagsusuri ng dugo upang masuri kung gaano katagal na mamuo ang inyong dugo (INR test) at ang dosis ay maaaring isaayos. • Ang bihirang kaso ng calciphylaxis ay nakita sa mga pasyenteng umiinom ng warfarin.
2. Direktang thrombin inhibitors	<ul style="list-style-type: none"> • pagdurugo • pagsusuka • impatso • pagtatae • sakit sa tiyan • anemya 	<ul style="list-style-type: none"> • Gamitin ng may pag-iingat sa mga matatanda at pasyenteng may mababang timbang ng katawan. • Gamitin ng may pag-iingat sa mga pasyenteng gumagamit ng concomitant na gamot na nakapag papataas ng peligro ng pagdurugo.

		<ul style="list-style-type: none">• Hindi inirerekomenda sa mga may malalang kapansanan sa atay• Hindi inirerekomenda sa mga buntis o nagpapasuso.• Hindi inirerekomenda sa mga pasyenteng may kasaysayan ng thrombosis na nasuring may antiphospholipid syndrome• Ay Dabigatran etexilate ay may kontraindikasyon: (a) sa mga pasyenteng may malalang kapansanan sa bato, (creatinine clearance <30 ml/min). Para sa mga pasyenteng may kapansanan sa bato at matatanda, habang ginagamot ng dabigatran, ang paggana ng bato ay dapat na tinatasa kung kinakailangan para sa pagbabantay ng anumang pagkasira; (b) sa mga pasyenteng may sugat/ kondisyon ng isang makabuluhang peligro ng matinding pagdurugo (tulad ng nakalipas na gastrointestinal ulceration, intracranial haemorrhage); (c) sa mga pasyente na habang ginagamot ay gumagamit din ng ibang anticoagulant agents [hal. unfractionated heparin, mababang molecular na bigat heparins (enoxaparin, atbp.), mga bumubuo ng heparin (fondaparinux, atbp.), iba pang oral na anticoagulants ((warfarin, rivaroxaban, apixaban atbp.))] (d)
--	--	--

		sa mga pasyenteng may prosthetic na balbula ng puso.
3. Direktang dahilan na pumipigil sa Xa	<p>Apixaban</p> <ul style="list-style-type: none"> • pagdurugo • Pagsusuka • Pagpapasa • Anemya <p>Rivaroxaban</p> <ul style="list-style-type: none"> • Pagdurugo • Pagduduwal at pagsusuka • Pagtatae • Pagtigas ng dumi • Impatso • Sakit ng tiyan • Pagkahilo • Sakit ng ulo 	<ul style="list-style-type: none"> • Gamitin ng may pag-iingat sa mga pasyenteng may peligro ng pagdurugo, o gumagamit ng concomitant na gamot na nakapag papataas ng peligro sa pagdurugo. • Hindi inirerekomenda sa mga pasyenteng may aktibong pagdurugo, o makabuluhang peligro ng malalang pagdurugo, o may malalang kapansanan sa bato o atay. • Hindi inirerekomenda sa mga buntis at nagpapasuso. • Hindi inirerekomenda sa mga pasyenteng may kasaysayan ng thrombosis na nasuring may antiphospholipid syndrome.
Antiplatelet na Gamot		
4. COX-1 inhibitor	<ul style="list-style-type: none"> • bronchospasm • gastro-intestinal irritation tulad ng pagsusuka • gastro-intestinal na pagdurugo • iba pang pagdurugo (hal. subconjunctival) 	<ul style="list-style-type: none"> • Gamitin ng may pag-iingat sa mga pasyenteng may kapansanan sa bato, at sa unang tatlong buwan ng pagbubuntis. • Gamitin ng may pag-iingat sa mga pasyenteng may hika, hindi kontroladong pagtaas ng presyon ng dugo, dating peptic ulceration, sabay-sabay na paggamit ng gamot na nakapagpapataas ng peligro ng pagdurugo, kakulangan sa G6PD, kakulangan sa tubig at mga pasyenteng matatanda. • Hindi inirerekomenda sa mga pasyenteng may malalang

		<p>kapansanan sa atay o bato, mayroong aktibong peptic ulceration, hemophilia at iba pang sakit sa pagdurugo, o may kasaysayan ng hypersensitivity sa aspirin o iba pang non-steroidal anti-inflammatory na mga gamot (NSAID).</p> <ul style="list-style-type: none"> Hindi inirerekomenda sa nagpapasuso.
5. P2Y12 receptor antagonists		
(i) Thienopyridine	<ul style="list-style-type: none"> blood dyscrasia (most common for ticlopidine) pagdurugo pantal gastro intestinal disturbance, tulad ng impatso, pananakit ng tiyan, pagtatae (karaniwan sa ticlopidine at madalas sa mga geriatric na pasyente) blood dyscrasia (pinaka karaniwan para sa ticlopidine) 	<ul style="list-style-type: none"> Gamitin ng may pag-iingat sa mga pasyenteng may kapansanan sa bato o atay; iwasan ang paggamit sa mga may malalang kapansanan sa atay. Gamitin ng may pag-iingat sa mga pasyenteng may mataas na peligro ng pagdurugo, o may kasabay na ginagamit na gamot na maaring makapag pataas ng peligro ng pagdurugo. Hindi inirerekomenda sa mga pasyenteng may aktibong pagdurugo. Hindi inirerekomenda sa mga buntis at nagpapasuso. Ang regular na pagpapasuri ng dugo para sa ticlopidine therapy ay senyales ng blood dyscrasia Ang sabay na paggamit ng clopidogrel at repaglinide ay isang kontraindikasyon.
(ii) Adenosine triphosphate analogue	<ul style="list-style-type: none"> Pagdurugo Dyspnoea Mga pasa 	<ul style="list-style-type: none"> Gamitin ng may pag-iingat sa mga pasyenteng na mataas ang peligro ng pagdurugo, o may

		<p>kasabay na ginagamit na gamot na makapagpapataas ng peligro ng pagdurugo, may problema sa cardiac conduction , hika, o pangmatagalang obstructive pulmonary na karamdaman.</p> <ul style="list-style-type: none"> • Hindi inirerekomenda sa mga pasyenteng may aktibong pagdurugo o kasaysayan ng intracranial haemorrhage. • Hindi inirerekomenda sa mga buntis at nagpapasuso. • Bantayan ang paggana ng renal 1 buwan pagkatapos ng pagsisimula.
6. Phosphodiesterase inhibitors	<ul style="list-style-type: none"> • epekto sa gastrointestinal • pagkahilo • sakit sa laman • tumitibok tibok na sakit ng ulo • mababang presyon ng dugo • malalang bronchospasm at angioedema • Pantal • Mataas na pagdurugo habang o matapos ang operasyon 	<ul style="list-style-type: none"> • Gamitin ng may pag-iingat sa mabilis na paglala ng angina, aortic stenosis, kasalukuyang myocardial infarction, pagpalya ng puso • Gamitin ng may pag-iingat sa mga pasyenteng kasabay na ginagamit ang gamot na nakapagpapataas ng peligro sa pagdurugo. • Gamitin ng may pag iingat sa mga buntis at nagpapasuso.

Pangkalahatang Payo

- Inumin ang warfarin isang beses bawat araw sa parehong oras ayon sa tagubilin, kadalasan sa gabi.
- Kung aksidenteng nakalimutan ang pag-inom ng dosis ng warfarin, huwag

- gagamit ng dobleng dosis upang makaagapay (maliban kung ipinayo ng doktor)
- Kung makalimot na uminom ng dosis para sa antiplatelet na gamot, inumin agad-agad sa oras na maalala, pagkatapos ay ipagpatuloy ang paginom sa normal na paraan. Huwag dodoblehin ang dosis para makaagapay sa nakalimutang dosis.
 - Inumin ang antiplatelet na gamot na habang o pagkatapos kumain upang makatulong na bumaba ang iritasyon sa tiyan.
 - Kapag umiinom ng warfarin,
 - Iwasan ang uminom ng madaming alak o magpakalasing dahil nakapagpapataas ng epekto ng warfarin kaya't tataas ang peligro ng pagdurugo.
 - Ang pinakamataas na limitasyon sa araw-araw ay tatlong bahagi ng alkohol bawat araw para sa lalake at dalawang bahagi bawat araw sa babae. Ang isang bahagi ay halos kapareho ng kalahating pint ng beer o isang sukat (25ml) ng espiritu tulad ng vodka.
 - Iwasan ang mga pangyayari na makapag papataas ng peligro ng pinsala (hal. Pampalakasan na mangangailangan ng pisikal na kontak sa ibang tao.)
 - Humanap agad ng medikal na atensyon kung may pagdurugo ng todo o matagal na paghinto ng pagdurugo.
 - Kumuha ng medikal na tulong kung may malakas na pagkakaumpog ng ulo dahil maaaring mayroong pagdurugo sa loob ng hindi ito nalalaman.

Pakikipag usap sa inyong Doktor

- Kapag nagsimula sa pag inom ng warfarin ayon sa inireseta, sabihin sa inyong doktor ang tungkol sa anumang medikasyon at karagdagang gamot na inyong iniinom. Karamihan sa mga halamang at karagdagang gamot ay maaaring maugnay sa warfarin. Huwag magsimula sa pag inom ng anumang bagong halamang gamot at mga karagdagan ng hindi nagpapasuri sa inyong doktor. Kasama sa mga halimbawa ng nasabing halaman at mga karagdagang gamot ang *dong quai* (Radix Angelicae Sinensis), glucosamine, ginkgo biloba, ginseng, St. John's wort, evening primrose oil, atbp.
- Kung makakatanggap ng bagong reseta mula sa ibang tao iba kaysa sa dati ninyong tagapagbigay ng medikal, siguraduhin na ipapaalala sa kanya na kayo ay umiinom ng anticoagulant o antiplatelet na gamot dahil maaaring maugnay ito sa bawat isa.
- Kumonsulta sa inyong doktor bago gumawa ng anumang malaking pagbabago sa inyong dyeta. Ang ibang gamot ay naglalaman ng malaking bahagi ng Bitamina K

at maaaring maugnay sa epekto ng warfarin kung kakain ng malaking bahagi. Kasama sa halimbawa ang atay, mga berdeng madadahong gulay tulad ng broccoli at spinach, cranberry juice, bawang, black licorice at soybean.

- Sabihin sa inyong tagapagbigay pangalaga ng kalusugan na gumagamit kayo ng warfarin bago sumailalim sa isang medikal o dental na pamamaraan. Ang warfarin ay kadalasang dapat itigil 5 araw bago ang nakalaang operasyon.
- Kumuha kaagad ng payo kung nabuntis o planong magbuntis dahil ang warfarin ay makakasama sa sanggol, lalo na sa unang tatlong buwan ng pagbubuntis; ang aspirin ay nakapagpapataas ng peligro ng pagdurugo habang nasa ikatlong buwan ng pagbubuntis; at lahat ng ibang gamot ay dapat iwasan sa pagbubuntis.
- Sabihin sa inyong doktor kung kayo ay nagpapasuso dahil ang ibang antiplatelet na gamot ay hindi inirerekomendang gamitin ng nagpapasusong babae.
- Ipaalam sa inyong doktor ang inyong medikal na kasaysayan dahil maaari itong mangailangan ng natatanging pag-iingat kung mayroon kayong mga partikular na sakit.
- Magmatyag sa kahit anong hindi pangkaraniwan at seryosong epekto na mabubuo. Kung makaranas ng anumang sintomas, tawagan kaagad ang inyong doktor.
- Makipag usap sa inyong doktor para sa pinakamagandang paraan ng paglunas. Ang inyong doktor ay magrereseta ng pinakaangkop na gamot para sa inyo matapos isa alang-alang ang inyong kondisyon at tugon sa gamot.

Pag iimbak ng anticoagulant at antiplatelet na gamot

Ang anticoagulant at antiplatelet na gamot ay kailangang itago sa malamig at tuyong lugar. Maliban kung nasasaad sa label, ang gamot ay hindi dapat itago sa refrigerator. Gayundin, ang gamot ay dapat na itago ng maayos sa lugar na hindi maaaring maabot ng mga bata upang maiwasan ang aksidenteng pagkakainom.

Pagkilala: Ang tanggapan ng Gamot ay gustong magpasalamat sa Propesyunal na Kaunlaran at Tiyak na Kalidad (PD&QA) para sa kanilang mahalagang ambag sa preparasyon ng artikulong ito.

Tanggapan ng Droga

Kagawaran ng Kalusugan

Enero 2021